


Aralin 8

# Pasanin ang Krus at Sumunod sa Akin

*Marcos 10:17-31; 8:34-38*

**LAYUNIN:** *Pagkatapos ng araling ito…*

- ☐ *Mauunawaan ninyo na anumang bagay na humahadlang sa atin sa pagsunod kay Cristo ay mapagtatagumpayan hindi sa pamamagitan ng sariling lakas kundi dahil sa gawa ng Diyos.*
- ☐ *Pananabikan ninyo ang laki ng biyayang naghihintay sa sinumang tatalikod sa lahat ng bagay at susunod kay Jesus.*
- ☐ *Itatalaga ninyo ang inyong sarili na talikuran ang isang bagay na nakahahadlang sa buong pusong pagsunod kay Jesus at pagpaplanuhan kung ano ang gagawin upang tuluyan itong matalikuran.*

## Panimula

1. Kung may isang marunong na tao ang dumalaw sa inyong bahay, anong dalawang tanong ang itatanong mo sa kanya? [*Hintayin muna ang sagot bago itanong ang susunod*.] Sa tingin ninyo, gaano kahalagang sagutin ni Jesus ang tanong ng lalaking mayaman sa Marcos 10:17? Bakit?

***Tulay sa Pag-aaral:*** Mahalagang sagutin ang tanong na ito (*Paano magkakaroon ng buhay na walang hanggan?*) dahil dito nakasalalay ang lahat sa ating buhay. Balewala ang lahat ng mga tanong sa buhay natin kung ang isang ito ay hindi masasagot. Sa paglalakbay ni Jesus at ng kanyang mga alagad mula sa Galilea patungo sa Jerusalem, patuloy ang kanyang panawagan sa mga tao ukol dito. Mayroong tumutugon, ngunit karamihan ay hindi. Dito sa Marcos 10:17-31 ay makikita natin ang isang pagsasalarawan ng itinuro niya sa 8:34-38. Makikita natin ang kahalagahan hindi lamang ang magkaroon ng buhay na walang hanggan kundi ang magpatuloy na panghawakan ang buhay na ito sa araw-araw at kailanman ay hindi tumalikod kay Jesus, anumang bigat ang harapin sa buhay.

## Pagsasaliksik

2. Basahin ang verses 18-20. Paano mo isasalarawan ang damdamin ng lalaking mayaman na lumapit kay Jesus? Paano mo isasalarawan ang ipinakitang tugon sa kanya ni Jesus?
3. Basahin ang verses 21-22. Bakit sa tingin ninyo ganito ang iniutos ni Jesus sa kanya na gawin? Bakit ganoon ang naging tugon ng lalaki? Anong prinsipyo sa pagsunod kay Jesus ang itinuturo sa atin dito? Tingnan din ang Marcos 8:34.
4. Basahin ang verses 23-25. Ayon kay Jesus, tama ba ang naging desisyon ng lalaking mayaman? Patunayan ang sagot. Tingnan din ang Marcos 8:38.
5. Basahin ang verses 26-27. Ang pagsunod ba kay Jesus ay madali, mahirap o imposible? Patunayan ang sagot. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin kung ang kaligtasan ay imposible sa tao?
6. Basahin ang verses 28-30. Ano ang nakikita ninyong maaaring nasa isip ni Pedro nang banggitin niya ang sinabi niya sa verse 28? Ano ang nais ipaalala sa kanila ni Jesus? Tingnan din ang Marcos 8:35.
7. Basahin ang verse 31. Tingnan din ang Marcos 8:36-37. Paano ikinumpara ni Jesus ang tugon ng lalaking mayaman sa tugon ng kanyang mga alagad? Ano ang nais niyang ituro sa atin dito na mga susunod sa kanya? O, paano ito magiging "encouragement" o "motivation" sa atin na sa kabila ng hirap na mararanasan natin sa seryosong pagsunod kay Jesus ay magpapatuloy pa rin tayo?

## Pagsasabuhay

8. Ano ngayon ang nakikita mong nakakahadlang sa iyo upang lubusang sumunod kay Jesus? Ayon sa napag-aralan, ano ang dapat mong alalahanin? Ano ang gagawin mong hakbang upang hindi ito makahadlang sa iyong pagsunod kay Jesus?
9. Sino ang isang taong ipinapanalangin mo ngayon upang maging tagasunod din ni Jesus? Ano ang nakikita mong hadlang sa kanya upang isuko ang lahat sa kanyang buhay at sumunod kay Jesus? Ipanalangin ito.

**Assignment**

- ☐ Isaulo ang Marcos 8:34.